Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

6 Abril 2025 | Ika-5 Linggo ng Kuwaresma | Taon K

Mapalad ang Mahabagin, Pagkat Sila'y Kahahabagan

Sa pagpapatuloy natin sa paglalakbay sa Kuwaresma, makikinabang tayo sa 'di malilimutang halimbawa ni Hesus na nagpatawad at nagbalik ng karangalan sa nakiapid na babaeng hiyang-hiya't takot na takot na kinaladkad sa harapan niya. Ang pangaral ng ***pagkahabag*** *at* ***pagpapatawad*** *noong isang Linggo sa pamamagitan ng isang talinghaga ay nauulit ngayon sa pamamagitan naman ng halimbawang hango sa tunay na buhay.*

Ang mapanghamong pangungusap: "Sinuman sa inyong walang kasalanan ang siyang maunang bumato sa kanya" ay patama di lamang sa mga mapagkunwaring eskriba at Pariseo, kundi sa atin ding mabilis humatol at magparusa sa iba. Di natin dapat limuting tayo man ay mahina at makasalanan, at dapat tayong maging mahabagin kung nais nating malasap ang habag ng Diyos.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ay iyong hukuman, pabula-anan ang sakdal ng may masamang paratang, D'yos ko, tanging ikaw lamang ang lakas ko at tanggulan.

(Sal 91:15-16)

Pagbati

***P*– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!**
***B*– Amen!**
***P* –Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!**
***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P* –Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo.** *(Manahimik sandali.)*

***P* –Panginoong Hesus, ikaw ang natatangi naming dakilang yaman. Panginoon, kaawaan mo kami!**
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –Panginoong Hesus, ikaw ang tanging saligan at muog ng aming pag-asa. Kristo, kaawaan mo kami!**
***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –Panginoong Hesus, bukal at kadluan ng dakilang habag at kapatawaran. Panginoon, kaawaan mo kami!**
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**
***B*– Amen!**

Panalanging Pambungad

***P*– Ama naming makapangyarihan, alang-alang sa dakilang pag-ibig ng iyong Anak na siyang nagbunsod upang mahalin niya ang lahat anupa't kusa niyang inako ang mamatay para sa sanlibutan, kami nawa'y masigasig na tumahak sa kanyang dinaanan sa iyong pag-akay at sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**
***B*– Amen!**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Isa 43:16-21***

Dulot ng propetang si Isaias ang pag-asa para sa lahat ng kanyang mga kababayang nasa pagka-kapatapon habang nangangako siya ng isang BAGONG EXODO. Ito ay nagbabadya ng bagong kalayaang hatid ng Mesiyas na si Hesukristo.

L –Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ito ang sinasabi ng Panginoon, na s'yang gumawa ng landas, upang may maraanan sa gitna ng dagat. Sa kapangyarihan n'ya ay kanyang nilupig ang malaking hukbo. Nilipol niya ang kanilang mga kabayo. At ang mga karwahe'y winasak, sila'y nangabuwal at di na nakabangon. Parang isang ilaw, na namatay ang ningas.

Ito ang sabi niya: "Ang mga nangyari no'ng unang panahon, ilibing sa limot, limutin na ngayon.

Narito, at masdan ang nagawa ko'y isang bagong bagay na hang-gang sa ngayo'y di mo namamasdan. Ako'y magbubukas ng isang landasin sa gitna ng ilang, maging ang disyerto ay patutubigan. Ako'y igagalang niyong mga hayop na pawang mailap, gaya ng avestrus at ng asong-gubat; ang dahilan nito, sa disyerto ako'y nagpabukal ng saganang tubig para may mainom ang aking hinirang.

Sila'y nilalang ko at aking hinirang, upang ako'y kanilang papurihan!"

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 126***

B –Gawa ng Diyos ay dakila kaya tayo'y natutuwa!



*** Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip. Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit.** ***B.***

*** Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid, "Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, anong rikit!" Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di-kawasa!** ***B.***

*** Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, kami, Poon, ay ibalik. Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha, bayaan mo na mag-aning masasaya't natutuwa.** ***B.***

*** Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik!** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Fil 3:8-14***

Sa siping maririnig natin, masiglang tinutukoy ni San Pablo ang mahalagang papel na ginagampanan ni Hesukristo sa kanyang buhay. Marapat na gayon din sana siya sa ating lahat.

L –Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Filipos

Mga kapatid: Inari kong kalugihan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan makamtan ko lamang si Kristo, at lubos na maki-isa sa kanya. Hindi ko na hangad na maging matuwid sa pamamagitan ng kautusan kundi sa pananalig kay Kristo. Ang pagiging matuwid ko ngayon ay kaloob ng Diyos batay sa pananampalataya.

Ang tanging hangarin ko ngayon ay lubusang makilala si Kristo, maranasan ang kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, makihati sa kanyang mga hirap, at matulad sa kanya – pati sa kanyang kamatayan – sa pag-asang ako ma'y muling bubuhayin.

Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito. Hindi rin sa ako'y ganap na, ngunit sinisikap kong maisakatuparan ang layunin ni Kristo Hesus nang tawagin niya ako. Mga kapatid, hindi ko ipinalalagay na natupad ko na ang mga bagay na ito. Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap. Nagpapatuloy nga ako tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo Hesus, ang buhay na hahantong sa langit.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita ***Joel 2:12-13***

B –(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)
Magsisi tayong mataos, halinang magbalik-loob sa mapagpatawad na Diyos. Sa kanya tayo'y dumulog at manumbalik na lubos.
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita ***Jn 8:1-11***

Ang babaeng nahuling nakikiapid ay waring nagbigay sa mga kalaban ni Hesus ng pagkakataon upang magsabi o gumawa siya ng malinaw na labag sa Kautusan. Ngunit mahusay na binaligtad ni Hesus ang sitwasyon at napaalis niya ang mga napahiyang mag-kakasabwat.

P – Sumainyo ang Panginoon!
B – **At sumaiyo rin!**
P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, si Hesus ay pumunta sa Bundok ng mga Olibo. Kinaumagaha'y nagbalik siya sa Templo. Lumapit sa kanya ang lahat, kaya't umupo siya at sila'y tinuruan.

Noo'y dinala sa kanya ng mga eskriba at ng mga Pariseo ang isang babaing nahuli sa pakikiapid. Pinatayo ito sa harapan nila, at sinabi kay Hesus, "Guro, ang babaing ito'y nahuli sa pakikiapid. Ayon sa Kautusan ni Moises, dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga gaya niya. Ano ang masasabi mo?" Itinanong nila ito upang subukin siya, nang may maisumbong sila laban sa kanya.

Ngunit yumuko si Hesus at sumu-lat sa lupa sa pamamagitan ng daliri.

Ayaw nilang tigilan nang katatanong si Hesus, kaya't

sila'y tiningnan niya at sinabi ang ganito, "Sinuman sa inyo na walang kasalanan ang siyang maunang bumato sa kanya." At muli siyang yumuko at sumulat sa lupa.

Nang marinig nila ito, sila'y isa-isang umalis, simula sa pinakamatanda.

Walang naiwan kundi si Hesus at ang babaing naroon pa rin sa harapan niya. Tiningnan siya ni Hesus at tinanong: "Nasaan sila? Wala bang nagparusa sa iyo?" "Wala po, Ginoo," sagot ng babae. Sinabi ni Hesus: "Hindi rin kita parurusahan. Humayo ka, at huwag nang magkasala."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulуklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P*–**Pinasisigla ng habag na ipinakita ni Hesus sa makasalanang babae, tayo'y lumapit sa kanya at idulog ang ating mga kahilingan para sa ating mga pangangailangan at mga pangangailangan ng sangkatauhan:

***B* –Mahabaging Hesus, dinggin mo kami!**

* Para sa Simbahan na tagapag-ingat sa kautusang moral: Nawa'y, habang matibay na naninindigan sa mga prinsipyong moral, magpakita siya ng pang-unawa at kahabagan niya ang mga taong di naging tapat sa mga naturang prinsipyo, manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng nagsisikap mabuhay nang malinis at marangal: Nawa'y mapagtagumpayan nila sa tulong ng biyaya ng Diyos at tulong ng pamayanang Kristiyano ang mga pang-aakit ng tukso at mga pansariling kahinaan, manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga naging biktima ng kapusukan ng tao: nawa'y makatagpo sila, sa awa ng Diyos at habag natin, ng lakas na kailangan nila upang magpanibagong buhay, manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pamilya at komunidad na biktima ng digmaan: Nawa'y ang paggalang sa isa't isa, ang pagpapahalaga at pagkakaisa ay magbigay-daan sa kanila na muling buuin ang kanilang buhay, sa pagkakaisa at kapayapaan, manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng kumakandidato para sa paglilingkod-bayan: Nawa'y maging matatag ang kanilang kapasiyahang maglingkod sa bayan kaysa kapakanan ng sarili, pamilya, o ng kanilang partido at mga kaibigan, manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng tao sa buong daigdig: huwag sana nilang hayaang masapawan ng mga makabagong teknolohiya ang makataong pakikipag-ugnayan at pakikisama, at matutong igalang ang dangal ng tao, at makatulong sa lahat upang harapin ang mga makabago ring mga paghamon, manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Ingatan mo, Panginoon, at patnubayan kami sa landas ng habag at awa sa aming kapwa. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

***B*–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, kami'y dumadalanging ang mga pinapagsaloob mo ng mga nilalaman ng pananampalatayang Kristiyano ay iyong gawing dalisay pakundangan sa ipinagdiriwang na paghahaing ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

Prepasyo sa Kuwaresma II

***P* –**Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P* –**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa pagbabakasakali mong kami'y bubuti, isinugo mo si Hesukristo upang pangunahan kami. Bilang pagsunod sa iyong atas na bigay, ipinahayag ng iyong Anak ang iyong kalooban na ang mga api't dukha ay kanyang damayan. Ngayon ay iyong inihahandog ang pagkakataong aming maisaloob ang kanyang ganap at kusang paglilingkod upang sa iyo'y lagi kaming makasunod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**
P **–** Hinihiling namin . . .
B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P **–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Butil na hindi mamatay sa lupang pinaghasikan ay palaging isa lamang; pag namatay, uusbungan ng ibang butil sa uhay.
(Jn 12:24-25)

Panalangin Pagkapakinabang

P **–** Ama naming mapagmahal, kaming nakikinabang sa Katawan at Dugo ng iyong Anak ay mapabilang nawang lagi sa mga kaanib niya na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGWAWAKAS

P **–** Sumainyo ang Panginoon.
B **– At sumaiyo rin!**

P **–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

– Panginoon, ingatan Mo tuwina ang Iyong bayan upang sila'y maligtas sa lahat ng masama at makapaglingkod sa Iyo nang buong puso. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B **– Amen!**

P **–** Sumainyo ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo magpakailanman.

B **– Amen!**

P **–** Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan kayo ng mahabaging pag-ibig ng Diyos.

B **– Salamat sa Diyos!**

LIMOT, LUGI, WAGI!

Kalakbay at Katoto

Kapaitan ang mga pinagdaanan ng bayan ng Diyos sa kanilang kasaysayan. Kapaitan rin ang salaysay ng bawa't isa sa atin ngayon … higit sa lahat, ang kapaitan ng pagkawalay sa Diyos, pagkaligaw ng landas, at ang karanasan ng mapait na pagtangis sa mga pagkakamali.

Tumbukin na agad natin ang buong katotohanan … Sino sa atin ang walang sala? Sino sa atin ang hindi naligaw ng landas? Simpleng tanong lang … sino ang walang bahid ng anumang sala sa atin? Ito ang nais sanang ipagunita sa atin ni Isaias sa unang pagbasa. Sa pamamagitan ng kanyang mga panulat, ipinagugunita sa atin ng Diyos kung paano dapat nang "ilibing sa limot at limutin na ngayon" "ang mga nangyari noong unang panahon."

Limot … dito magaling ang Panginoon. Hindi siya mapagtanim. Hindi siya mapagkimkim. Handa niyang pawiin ang lahat-lahat, mapanuto lamang ang kanyang pinakamamahal na angkan.

Limot … dito tayo hirap na hirap bilang tao. Mabilis natin malimutan ang mga kabutihang nangyari sa atin, nguni't hirap tayong limutin ang mga masasamang nagagawa sa atin ng kapwa.

Bilang isang tagapayo o *counselor,* isa sa mga pamamaraang mabisa upang mabago ang pananaw ng tao sa mga bagay-bagay, ayon sa aking karanasan, ay ang tinatawag ni Adler na *"reframing."* Ito ang pagtingin sa isang pangyayari o suliranin sa pamamagitan ng isang panibagong *"punto de vista"* o ang paglalagay ng isang larawan sa isang naiibang kwadro *(frame).* Kung minsan, kapag pangit ang kwadro, kahit maganda ang larawan ay pumapangit na rin. Nguni't kung maganda ang kwadro, ay pati masamang larawan ay tila gumaganda.

Ito ang gusto kong isipin na mensahe ni San Pablo sa ikalawang pagbasa. Nakita niya ang lahat bilang tila isang "pagkalugi." Kung tutuusin, malaki ang nalugi kay San Pablo. Marami siyang alam sa buhay. Isa siyang siyudadano ng Roma (Roman *citizen*), na may karapatang nakalaan para sa mga siyudadanong Romano. Isa siyang matalinong tao, isang paham na Judio, na may sinasabi sa buhay. Nguni't nang makilala niya si Kristo at sumunod nang lubusan, ang kanyang buhay ay sa biglang wari, ay nagkawindang-windang …. Napahamak … napariwara

---

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

kumbaga. Ngunit sa kabilang banda, kung titingnan ang kapalit ng lahat, nakuha niyang sabihin ito: *"Inari kong kalugihan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon."*

Marami ang dahilan natin sa panahong ito upang makaramdam ng pagkalugi. Mahirap lumimot sa masarap. Mahirap lumimot sa kapaitan. Kalimitan, puro pagkalugi ang damdaming namamaulo sa ating isipan. Luging lugi ang babaeng nahuli sa pakikiapid. Wala siyang kalaban-laban. Bagama't dalawa ang gumawa ng kasalanan, ang babae lamang ang siyang dapat magbayad nang malaki at patayin sa walang patid na pagpupukol ng bato sa liwasan. Nasaan si lalaki? Malamang ay kasama duon sa madlang uhaw sa kanyang dugo. Walang sinumang nanggagalaiti sa lalaking kasama niya sa pagkakasala, nguni't ang lahat ng kumukulo ang dugo sa kawawang babae na puro pagkalugi ang sinapit.

Nguni't dito lumutang ang isang panibagong balita ng panibagong buhay ng isang gurong di maglalaon ay magiging larawan din ng pagkalugi . . . Si Hesus . . . na di magtatagal ay papatawan din ng walang kapantay na makamundong pagkalugi sa pamamagitan ng kamatayan sa krus.

Oo, kaibigan . . . may hustisya o katarungang maka-Diyos. May pagwawaging naghihintay sa mga lugi sa mundong ibabaw. At ang kampeon ng pagwawaging ito ay dili iba kundi siyang sa paningin ng daigdig ay lugi, talo, nagapi at at natapakan sa ulo ng makapangyayari sa mundo.

Ito, kapatid, ang magandang balitang pahatid sa atin ngayon. Hindi maglalaon, hindi magtatagal, pasasaan ba, at ang lahat ng pagkaluging ito ay bibigyang-katarungan ng Diyos na hindi natutulog sa kabila ng susun-suson, at patong-patong nating pagkabigo.

Mabaha ang listahan natin ng kasawiang-palad. Malimit ay tila lugi tayo. Di tayo marunong lumimot sa dapat limutin, at di rin tayo marunong magtanda nang wasto at matuto sa mga aral ng kasaysayan.

Wala na baga tayong pag-asa? Hindi ito ang ipinunta natin sa simbahan ngayon. Hindi ito ang pinagsasayangan ko ng aking tinig at laway at panitik.

May magandang balita para sa atin lahat. *"Ilibing na sa limot ang mga nangyari noong unang panahon." "Ituring na pagkalugi ang lahat bilang kapalit ng lalong mahalaga."*

At tandaan . . . kung magagawa natin ito, kung kaya natin lumimot, hindi tayo lugi, bagkus, kasama ng babaeng tila siniphayo ng tadhana at ng buong daigdig, wagi siya sapagka't nakarinig siya ng pangakong mas mahalaga sa lahat: *"Hindi rin kita parurusahan. Humayo ka, at huwag nang magkasala."*